**1-Ang Islam:** ay katotohanan na naniniwala na ang Mundo na ito kasama ang lahat ng mga nilalaman nito ay mayroong naglikha Siya ang Allah na Nag iisa, walang katambal at siya ay nasa ibabaw ng kanyang mga nilikha, Siya ang nakakaalam sa lahat ng mga bagay, nakikita Niya at naririnig ang lahat ng mga ito at siya ang karapat-dapat na pag-uukulan ng pagsamba at itakwil ang pagsamba sa iba (diyus-diyusan) bukod pa sa kanya, paniwalaan na tiyak hindi niya nilikha ang mga tao ng walang kadahilanan tunay sila (mga tao) ay nilikha upang sumamba lamang sa Allah, at sila ay bubuhayin muli sa araw ng paghuhukom at sila ay gagantimpalaan at paparusahan sa kanilang mga nagawa sa mundo na ito noong sila ay buhay pa.


**2-Ang Islam :** ay ang paniniwala na katotohanan na ang Allah ay may mga anghel na kakaiba sa mga tao hindi natin sila nakikita sila ay nilikha ng Allah mula sa liwanag. Inaatasan sila ng Allah ng mga gawain. Kabilang sa kanila si Anghel Gabriel. Sa kanya ipinagkatiwala ang paghatid ng mensahe (revelation) ng Allah para sa mga piling Propeta.

**3-Ang Islam :** ay ang paniniwala na katotohanan ang Allah ay nagpababa ng mga aklat para sa mga Propeta katulad ng Tawrah (Torah), Injiel (Ibanghelyo ni Hesus), Zaboor at ang Qur 'an, Ito ay ibinaba kay Propeta Muhammad at lahat ng mga aklat na ito ay nag-uutos sa pagsamba sa nag-iisang panginoon na walang katambal, at tunay na may nangyari na pagbabago sa mga naunang kasulatan, tulad ng pagdagdag at pagbawas, nabago ito sa mga nakaraang panahon dahil sa gawa ng taong kumakalaban sa relihiyon ng Allah (Islam), yaong kinakain nila ay mula sa mga kayamanan ng mga tao kinuha nila sa paraan na hindi maganda. Ang tanging nanatili as orihinal na anyo at kailan man ay hindi nababago ay ang Al-Qur 'an na ibinaba ng Allah kay Propeta Muhammad dahil ito ay isinasaulo sa puso't isipan ng mga Shahabah (kasamahan) ng Propeta at ito ay himala ng Allah sa mga tao, at nangako ang Allah na itoy ligtas sa anumang pagbabago ng tao. Ito lamang ang tanging natitirang aklat na angkop sa mga naunang aklat at ibinalik dito sa Qur'an ang mga naunang aklat na nawala sa orihinal na anyo, at ito'y punong-puno ng kaalaman tungkol sa siyensiya (science) at kanilang natuklasan sa panahon natin ngayon, at itoy hamon sa kanila (hindi mananampalataya).



**4-Ang Islam :** ay ang paniniwala na katotohanan ang Allah ay kanyang nilikha si Adan mula sa alabok. Siya ang unang tao na nilikha ng Allah at pinagkalooban siya ng mga ankan upang sila ay bigyan ng mga pagsubok, subalit paglipas ng maraming panahon naligaw ang mga tao sa tamang landas dahil sa udyok ni Satanas, sa pamamagitan ng pagsamba sa mga Diyus-diyusan (rebulto), dahil dito nagpadala ang Allah ng mga





Pilipino Tagalog

فلبيني تغـــالوغ

# Ito ang ISLAM sa Maikling Pang-unawa


Isinulat ni:
Engr. Ibrahim AlYahyah
ly1001@hotmail .com

Salin sa Tagalog
Ni
**ALBAYA G. BADRODIN**

**Balik aral ni:**
**Abdullah Limpangan Mutia**



**Ang babasahing ito ay naisalin sa ibat-ibang lengguwahe at ito ay bukas para sa lahat ng sino mang gustong mag-imprenta nito upang ipamimigay ng lebre.**
**For charitable distribution please call:**
**Islamic Studies call & Guidance (ISCAG – Philippines)**
**Baranggay Salitran I, Dasmarinas Cavite**
**Tellephone: 046 – 4163371 Fax no: 046 - 4163629**

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بحي البشر ـ ببريدة
هاتف: ٠٠٩٦٦٦ ٣٨٥١٠٠٥ ـ فاكس: ٠٠٩٦٦٦ ٣٨٥١٠٠٤
رقم الحساب: ١٩٢٦٠٨٠١٠٠٦٠٠٠٠

K.S.A. Foreigners Guidance Centre in Al-Besher
Tel: 009666 3851005 - Fax: 009666 3851004
Account No: 19260801006000

Propeta mula sa mga tao upang iparating sa kanila ang mensahe ng Tawheed (pagsamba sa kaisahan ng Allah), ito ang pagsamba sa nag-iisang panginoon na walang katambal at sundin ang mga turo ng mga Propeta, iwasan ang pagsamba sa mga Diyus-diyusan. Kabilang sa mga Propeta sina: Noah, Abraham, Moses, Hesus anak ni Maria (suma kanila nawa ang kapayapaan) at ang pinaka huli sa kanilang lahat ay si Propeta Muhammad, kailan man hindi ganap ang pagiging Muslim ng isang alipin hanggat hindi paniwalaan ng pantay-pantay ang lahat ng mga Propeta ng Allah at mahalin silang lahat ng walang pagtangi-tangi.

**5-Ang Islam :** ay ang paniniwala na katotohanan na ang lahat na naganap sa mundong ito ay kagustuhan ng Allah. Kanya itong naitala bago pa man ito nangyayari, subalit ipinag-utos sa mga tao ang pag-gawa ng mga kadahilan sa pamamagitan ng pagtupad ng mga kautusan at pag-iwas sa mga ipinagbabawal. Siya ang mananagot sa kanyang mga gawain dito sa mundo doon sa kabilang buhay. Kailangan niyang magsikap at huwag magreklamo sa mga bagay na ipinagkaloob (Al-Qadar) sa kanya ng Panginoon at huwag magdalawang isip ang kanyang paniniwala tungkol dito.

**6-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pagkapantay-pantay at kabutihan, huwag putulin ang magandang pakikitungo sa kapwa at maging malinis ang kalooban, maging makatotohanan at ang lahat ng mga kanais-nais na mga katangi-an at mga mabubuting pag-uugali, mahigpit na ipinagbabawal ng Islam ang pang-aapi, pakikiapid at pagnanakaw, pananakit sa kapwa at pagpatay ng tao na walang kadahilanan, pagsisinungaling at pagmamalaki, at mga pguugali na di kanais-nais. Katotohanan na ang mga pagkakamali na nagawa ng mga muslim ay hindi niya naipapakita ang kagandahan ng Islam subalit ang kanyang naipapakita kung ano ang labag sa katuruan ng Islam.



**7-Ang Islam :** ay walang pagka-iba ng puti at itim, mayaman at mahirap, Arabo at hindi Arabo. Subalit ang pinaka marangal sa mga tao, sa harapan ng Allah kung sino ang nakakahigit ang takot sa kanya Panginoong Allah .



**8-Ang Islam :** ay nag-uutos ng palagiang pagbalik loob sa Allah sa mga kasalanang nagawa, sinuman ang nakagawa ng mga kasalanan at kanya itong pinagsisihan ng taimtim at iniwanan niya ito ng lubusan, humingi siya ng kapatawaran sa Allah, at ibinalik niya ang mga karapatan na kanyang pagkakasala sa kapwa nilikha, siya ay patatawarin ng Allah. Walang sinumang mamamagitan sa kanya sa paghingi ng kapatawaran sa Allah, dahil ang paghingi ng kapatawaran ay pagitan ng alipin at kanyang tagapaglikha, ang nakakakita ng lahat ng kanyang ginawa, ang nakakarinig ng lahat at ang nakakaalam kung ano ang nasa sa kanyang kalooban.



**9-Ang Islam :** ay nag-uutos ng kalinisan, pag-aalis ng mga marurumi, na nagdudulot ng pinsala o kasamaan sa lipunan at kapaligiran.

**10-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pag-galang sa mga kababaihan at ibigay sa kanila ang kanilang mga karapatan, mula sa pangangailan-gan tulad ng mga gastusin at ibigay ang ipinag mana ng mga magulang sa kanila at mabuting pakikisama sa kanila.

**11-Ang Islam :** ay nagpapahintulot sa pag-gamit ng mga bagay na naaayon sa kasalukuyang panahon (modern technology) na makakatulong na maging magaan ang pamumuhay ng tao at pangangailangan sa araw-araw sa kundisiyon na hindi labag sa batas ng Tagapaglika ang Allah.



**12-Ang Islam :** ay may napakalinaw at napakasempleng katuruan, sa lahat ng mga gawaing pagsamba na may mga katibayan na mababasa na dapat sundin ng isang Muslim, ito ay hindi gawa o isinulat ng tao, subslit ito ay itinakda o ibinaba ng Allah I (kay Propeta r) na nararapat sundin ng lahat.

**13-Ang Islam :** ay kumakalaban sa mga gawaing masasama at kanya itong pinaparusahan hanggat maramdaman ang sekyuridad ng mga tao, sa kanilang mga sarili, mga kayamanan at pamumuhay ng mapayapa, tunay na ang Islam ay nag-uutos na pangalagahan ang limang mahalagang bagay tulad ng mga sumusunod: kaisipan, buhay, Pamilya, kayamanan at relihiyon.



**14-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pagsagawa para sa Allah lamang ng limang beses na Pagdarasal (Salah) sa loob ng maghapon sa kaniyang itinakdang mga oras at ang mga panalangin alinsunod sa pampamamaraan na naayon sa batas ng Allah dahil ito ang nagpapalakas ng ugnayan o koneksiyon ng isang Muslim sa kanyang Panginoong.(tingnan ang likuran).




**15-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pagbigay ng bahaging maliit mula sa kayamanan bawat taon para sa mga nanganagailangan, mula sa sino man na may kayamanan na umabot sa tinatawag na Nisaab (qouta), dapat kunan ng kawanggawa kung ito 'y nakaabot sa isang taon, ang tawag dito ay Zakah (charity) bilang paglilinis sa kayamanan at pagpapakita ng kubutihan sa mga mahihirap at dukha.



**16-Ang Islam :** ay nag-uutos ng Pag-aayuno ng isang buwan saloob ng isang taon. Ito ang pag-iwas sa pagkain at pag-inom mula bukang liway-way hanggang paglubog ng araw, ito ang buwan ng Ramadhan ipinag-utos ng Allah bilang paalala sa mga tao na mayroong mga taong naghihirap at pangangalaga sa kalusugan at pagsubok kung papaano ang pagsunod ng isang alipin sa kanyang panginoon.

**16-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pagsagawa ng Hajj isang beses sa tanang buhay, sino man ang may kakayahan sa pagsagawa nito ang pagtungo sa Makkah upang isagawa ang mga nakatakdang mga gawain sa Hajj, bilang pagsunod sa ginawa ni Propeta Abraham, Muhammad at ang iba pang mga propeta.




**17-Ang Islam :** ay ang katotohanan, na paniniwala na si Propeta Muhammad ay Sugo ng Allah I para sa lahat ng mga tao, ang kanyang mesahe ay katulad ng mensahe ng mga naunang Propeta, bagkus magkaiba ang mga hukom ng batas, subalit itoy obligado sa sino man ang makarinig tungkol sa kanyang mensahe, paniwalaan at sundin ang mga ito. Hindi tatanggapin ng Allah ang katuruan maliban pa sa Islam (Pagsunod, Pagsuko at Pagtalima sa kagustuhan ng Allah).

**18-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pagsamba sa Allah sa pamamaraan na itinuturo ni Propeta Muhammad ang mga katuruan na ito ay naitala sa kanyang mga Hadith na isinusulat ng mga kilalang manunulat tulad ni Imam Bukhari at Imam Muslim at iba pa. Ang Islam ay hindi nagtuturo ng mga Bida`a (innovation) at Kurafaat (kathang isip) na hindi ito matatanggap ng isipan ng tao at relihiyong Islam.

**19-Ang Islam :** ay relihiyon na hindi pinagbigyan ang isipan ng tao sa mga nakalilitong paniniwala, pagsamba maliban sa Allah. Halimbawa panahon ng pagdalaw sa libingan, ipinagbawal ang pag-ikot sa libingan (tawaf) o pag-aalay ng hayop at paghingi sa mga patay ng tulong para malutas ang kanyang problema.



**20-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pagpapaubaya ng lubos sa Allah (Tawakkal), gawin ang mga dahilan nito at ipinagbabawal ang pagsusuot ng mga agimat (karunungang itim) at paglapit sa mga manghuhula at sa mga manlilinlang at mga mangkukulam. Sila yaong kumakain o kinukuha ang mga kayamanan ng mga tao sa pamamaraan ng hindi maganda yon ay panluluko sa kapwa.

**21-Ang Islam :** ay mayroon dalawang selebrasyon Eid al-Fit`r (pagkatapos ng buwan ng Ramadan) at Eid al- Adha (ika sampu ng buwan ng Dhul-hijjah). Ito lang ang selebrasyon na puweding idaraos sa Islam, tulad ng mga ginagawang pagdaraos ng halos lahat ng mga tao sa ngayon yon ay makabagong gawain na papasok sa tinatawag na Bida 'ah (innovation, hal: pagdaraos ng kapanganakan ng Propeta Muhammad r o mauluddin Nabi).



**22-Ang Islam :** ay nag-uutos ng pag-aaral sa mga hukom ng Islam, gaya ng Paglilinis (Taharah), Pagdarasal (Salah), Kawang-gawa (Zakah), Pag-aayuno (Siyam), Paglalakbay sa Makkah (Hajj) at magandang pag-uugali.at iba pa.



**23:**

**Kung** maliwanag na sa iyo ang Islam at handa mo na itong tanggapin, ang dapat mong gawin ay bigkasin ang SHAHADATAYN (dalawang pagtistigo) sabihin ng ganito : (Ash-hadu alla ilaaha illa Allah wa Ash-hadu anna Muhammad Rasulullah) ibigsabihin : Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban ang Allah at Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah. Dahil dito ikaw ay naging ganap na Muslim at obligado sa iyo na gampanan ang napapaloob sa dalawang tistimoniya na ito hanggang sa kamatayan at ng sa ganon karapat-dapat sa iyo ang pagpasok sa paraiso at maligtas mula sa kaparusahan ng apoy sa impiyerno.




**24-Ang Islam:** ay kailangan maglinis ng buong katawan sa pamamagitan ng paligo (ghusul) kapag ang mga sumusunod ay naganap tulad ng ganitong kalagayan:



1. 1. Sa panahon ng pagyakap sa Islam.
2. Sa panahon ng paglabas ng punlay mula sa katawan.
3. Sa panahon ng pagkatapos ng buwanang dalaw (menstruation) para sa kababaihan.
4. Sa panahon ng pagkatapos ng panganganak (post-natal bleeding)

**25-Ang Islam:** ay nag-uutos ng paglilinis ng husto sa pamamagitan ng pagsagawa ng Wudhu bago isagawa ang Salah o pagdarasal. Gawin ang mga sumusunod:

1- Hugasan ang dalawang kamay, isang ulit, dalawa, hanggan tatlong bases.



2- Magmugmog ipasok ang tubig sa ilong at isinga sa kaliwa, isang ulit, dalawa, hanggang tatlong bese



3- Hugasan ang mukha ng isang ulit, dalawa hanggang tatlong beses.




4- Hugasan ang iyong kanang kamay pagkatapos ay kaliwang kamay hanggan sa siko, isang ulit, dalawa hanggan tatlong beses.



5- Haplusin ang iyong ulo ng basang kamay kasama ang dalawang tainga.



6- Hugasan ang iyong kanang paa pagkatapos ay ang kaliwang paa hanggang bukong-buko, isang ulit,dalawa hanggang tatlong beses.

**1-Ang Islam:** ay nag-uutos na isagawa ang Pagdarasal ng limang beses sa maghapon sa mga sumusunod na pamamaraan:

**1.** Humarap sa Qiblah (kinaroroonan ng Kab'ah) bigkasin ang "Allahu Akbar "(ang Allah ay Dakila) habang nakataas ang dalawang kamay na pantay sa dalawang balikat o tainga pagkatapos ay ilagay ang dalawang Kamay sa dibdib na nakapatong ang kanang kamay sa kaliwa, pagkatapos ay bigkasin ang: "Bis millaa hirrah maa nirra heem, ang ibigsabihin: Sa ngalan ng Allah ang Mapagpala ang Mahabagin at bigkasin ang Surah Al-Fatiha:



بسم الله الرحمن الرحيم

الحمد لله رب العالمين. الرحمن الرحيم. مالك يوم الدين. إياك نعبد وإياك نستعين. إهدنا الصراط المستقيم. صراط الذين أنعمت عليهم غير المغضوب عليهم ولا الضالين. آمين

Al ham du lillaa hi rabbil 'aa la meen. Arrah maa nirra heem. Maa liki yaw middeen. Iy yaa ka nab'udu wa iy yaaka nas ta 'een. Ih di nassi raa tal mus ta qeem. Si raa talla dhee na ana'm ta a'lay him ghay ril magh doo be 'alay him wa la ddhaa leen.
Pagkatapos basahin ang Surah Al-Fatiha isunod ang maikling Surah tulad ng

Surah Al-Iklas: Bis millaa hirrah maa nirra heem . . . Qul hu walla hu ahad. Allaa hus samad. Lam ya lid wa lam yoo lad wa lam ya kulla hu kufu wan ahad ."

بسم الله الرحمن الرحيم

قل هو الله أحد. ألله الصمد. لم يلد. ولم يولد. ولم يكن له كفواً أحد.









**2**. Pagkatapos bigkasin ang "Allahu Akbar" (ang Allah ay Dakila) habang naka yuko at bigkasin ang Sub haa na rabbi yal adheem (kaluwalhatian sa aking panginoon na kataas-taasan). Bigkasin ito ng tatlong beses.

**3.** pagkatapos ay tumayo mula sa pagyuko at bigkasin ang Sa mi Allahu le man hamedah (Naririnig ng Allah ang taong nagpapuri para sa kanya) at bigkasin ang Rabba naa wa la kal hamd (Panginoon namin sa iyo lamang ang pagpapuri).



4. Pagkatapos bigkasin ang "Allahu Akbar" at magtirapa (sudjud), bigkasin ang Sub haa na Rabbi yal 'alaa (Panginoon namin na kataas-taasan) at bigkasin ito ng tatlong beses.



**5.** Pagkatapos bigkasin ang "Allahu Akbar" habang nakaupo bigkasin ang Rab bigh fir lee (Panginoon ko patawarin mo ako). masmainam na Bigkasin ito ng tatlong beses.



**6-** Pagkatapos bigkasin ang "Allahu Akbar" muling magpapatirapa (sujud), at sabihin muli ang Sub haa na Rabbi yal 'alaa (Panginoon namin na kataas-taasan) masmainam ulit-ulitin ang pagbigkas.



**7-** Pagkatapos ay muling sabihin ang "Allahu Akbar "ikaw ay muling tumayo sa pangalawang rak 'ah (2nd unit) gawin ang lahat ng ginawa mo sa unang raka'h.

**8-** Kapag tapos kana sa pag Sudjud sa pangalawang Raka`ah bigkasin muli ang "Allahu Akbar "pagkatapos ay umupo at basahin ang unang Tashahhud : "Atta he yaa tu lilla hee wassa la waa tu wat tay yi baa tu, assa laa mu 'alai ka ay yu hanna be yu wa rah ma tulla he, wa ba ra kaa tuhu, assa laa mu 'alai naa wa 'alaa 'e baa dilla hissaa li heen. Ash ha du allaa e laa ha illallah wa ash ha du anna mu hamma dan ab du hu wa ra soo luh "(Ang mga paggalang ay sa Allah lamang, at ang mga pagpapala at mga mabubuti ay sa Allah lamang. Ang kapayapaan ay sumaiyo o Propeta at gayundin ang pagpapala ng Allah. Ang kapayapaan ay nararapat sa amin at sa mga gumagawa ng kabutihan. Sumasaksi ako na walang Diyos na dapat sambahin maliban ang Allah. At sumasaksi ako na si Muhammad ay kanyang sugo at alipin.



**9-** Kapag ang Salah ay dalawang Raka`ah sa pag-upo ng panghuling raka`ah basahin ang unang Tashahhud at isunod ang pangalawang Tashahhud, pagkatapos magsabi ng Tasleem (tingnan ang pamamaraan ng Tasleen sa fig. No:12). Kung ang Salah mahigit sa dalawang Raka`ah (tulad ng Magrib, Isha, Duhor at Asar) tumayo pagkatapos ng unang Tashahhud at komplituhin ang bilang ng Raka`ah ng Salah na nalalabi.

**10-** Sa huling Gawain ng Salah bigkasin ang "Allahu Akbar "habang nakaupo at basahin ang Unang Tashahhud pagkatapos ay isunod ang Ikalawang Tashahud: "Allaa humma salli 'alaa Mu hamma din wa a'laa a'a le Mu hammadin ka maa sallay ta 'alaa Ib raa heem wa a'laa a'a le ib raa heem inna ka ha mee dun ma jeed. Allaa humma baa rik a'laa Mu hamma din wa a'laa a'a le Mu hamma din ka maa baa rak ta 'alaa Ib raa heem wa 'alaa a'a le Ibraa heem inna ka ha mee dun majeed" (Pagpalain Mo si Muhammad at ang kanyang pamilya katulad ng pagpapala Mo kay Propeta Abraham at sa kanyang pamilya tunay na ikaw lamang ang pinagpipitaganan at pinupuri. Allah mahalin Mo at pagpalain si Muhammad katulad ng pagmamahal at pagpapala Mo kay Propeta Abraham at sa kanyang pamilya, tunay na ikaw Allah ang pinagpipitaganan at pinupuri.






**11-** . Pagkatapos ng Ikalawang Tashahhud bigkasin ang: "Rabbana atina fe dunya hasanah wa fil akhirati hasanah. Allahumma inni a`uzo bika min azabi Jahannam wa min azzabil qabre wa min fitnatil mahya wal mamat wa min fitnatil Masehe Dajjal ."Panginoon namin ipagkaloob Mo sa amin ang mabuting kalagayan dito sa mundo at sa kabilang buhay. O! Allah ako ay nagpapakup-kup sa iyo sa kaparausahan sa Empiyerno (Jahannam) at sa kaparusahan sa Libingan, at sa hirap ng Pamumuhay at hirap ng Kamatayan, gayundin sa panlilinlang ni Dajjal (bulaang – Kristo).

**12-** Pagkatapos ng Ikalawang Tashahhud at panalangin lumingon sa kanan at bigkasin ang . . . "Assa laa mu 'alai kum wa rah ma tullaah "Pagkatapos ay lumingon sa kaliwa at bigkasin uli ang . . . "Assa laa mu a'lai kum wa rah ma tullaah "(Ang kapayapaan at ang pagmamahal ng Allah ay suma inyo).



**ANG LIMANG OBLIGADONG PAGDARASAL AT MGA BILANG NG RAK'AH O AT ANG MGA ORAS NITO.**



| Ang mga obligadong Salah | Bilang ng Rak'ah | Mga Oras nito |
|---|---|---|
| 1. Salah ng Fajar | 2 | Mula pagsikat ng bukang liwayway, hanggang sumikat ang araw. |
| 2. Salah ng Duhor | 4 | Pagbaba ng araw mula tanghaling tapat hanggang ang anino ng isang bagay ay magkasingtaas. |
| 3. Salah ng Asar | 4 | Kung ang anino ng isang bagay magkasingtaas hanggang sa paglubog ng araw sa kanluran . |
| 4. Salah ng Magrib | 3 | Mula sa paglubog ng araw hanggang takip silim. |
| 5. Salah ng Isha | 4 | Mula takip silim hanggang sa kalagitnaan ng gabi. |


3696000 مطابع دار الندوة